San Francisco Department of Public Health

Patnubay

Paunawa ng Pagsuspinde o Paghihigpit ng Panloob at Panlabas na Aktibidad

Disyembre 17, 2020

Ang San Francisco ay patuloy na nakakaranas ng mabilis at makabuluhang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 na may kasalukuyang hinala na masosobrahan ang ating mga ospital at sistema sa pangangalaga ng kalusugan. Alinsunod sa kamakailan-lamang na limitadong pananatili sa bahay na kautusan ng Estado, susunod ang San Francisco at kikilos para pigilan ang pagtaas ng mga kaso. Alinsunod dito, sususpindehin at paghihigpitan ng Opisyal sa Kalusugan ang ilang mga panloob at panlabas na mga negosyo at aktibidad. Anumang naunang pagbabago sa kakayahan ng negosyo at iba pang mga aktibidad na kinakailangan sa ilalim ng mga susog ay dapat na ipatupad ng kani-kanilang epektibong petsa, at anumang bagong pagbabago ay kailangang maging epektibo ng Disyembre 17, 2020. Kung magpatuloy ang pagtaas ng mga kaso, maaaring higpitan pa o suspindehin ng Opisyal sa Kalusugan ang iba pang mga aktibidad na kasalukuyang pinapayagan sa ilalim ng Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan C19-07.

Mahalagang Nota: Iniutos ng Opisyal sa Kalusugan ang suspensyon o paghihigpit sa mga limitasyon ng kapasidad ng mga aktibidad ayon sa makikita sa talaan sa ibaba. Ang suspendido o pinaghigpitang negosyo ay maaari pa ring makibahagi sa Pinakamababang Pangunahing Pagpapatakbo na tinukoy sa Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan C19-07. Ang suspensyon o paghihigpit na ito ay binabago ang anumang kaugnay na mga kautusan, direktiba, o patnubay. Lahat ng mga apektadong mga tao at entidad ay kinakailangang sumunod sa mga bagong limitasyon at dapat patuloy na subaybayan at sumunod sa lahat ng naaangkop na mga Kautusan sa Kalusugan at Direktiba.

Talaan ng Kapasidad at Aktibidad ng Negosyo			
Aktibidad at Binagong Kautusan o Direktiba	**Apektadong Grupo**	**Panloob o Panlabas**	**Pinalitan mula sa epektibong petsa**
Retail Direktiba 2020-17	Retail na Tindahan, Panloob na Sentro ng Pamilihan , Tindahan ng Grocery	**Panloob**	**PINAGHIGPITAN mula Huwebes, Disyembre 10, 2020** 1. Mag-implementa ng Metering na Sistema upang ipatupad ang mga Limitasyon ng Kapasidad. 2. Kabuuang Limitasyon sa Kapasidad para sa Di-Mahalagang Retail ay **hanggang sa 20%** 3. Kabuuang Limitasyon sa Kapasidad para sa standalone na tindahan ng grocery ay **hanggang sa 35%** 4. Magbigay ng Espesyal na Oras para sa Matatanda at sa mga may Panganib sa Kalusugan 5. Pinapayagan ang Panloob na Di-Mahalagang Retail mula 5am-10pm
		Panlabas	**PINAGHIGPITAN mula Linggo, Nobyembre 29, 2020** 1. Pinapayagan ang Panlabas na Retail mula 5am-10pm
Kainan Kautusan C19-07 Apendiks C-1 Direktiba 2020-16	Restawran, Bar na may pagkain, Shopping mall na may pagkain, Hotel na may restawran, Museo, Zoo at Aquarium na may restawran, Gym na may pagkain, Opisina na may Kapeterya	**Panloob**	**BINAGO mula Huwebes, Disyembre 17, 2020** 1. Para sa take-out, bawal kumain o uminom habang naghihintay ng iyong pagkain. Ang paghihintay sa panloob ay limitado sa 20%. 2. Walang Panloob na Kainan na pinapayagan. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa. 3. Take-out at delivery lamang.
		Panlabas	**SUSPENDIDO mula Linggo, Disyembre 06, 2020** 1. Walang Panlabas na Kainan na pinapayagan. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa. 2. Take-out at delivery lamang.
Gym / Fitness Center Kautusan C19-07 Apendiks C-1 Direktiba 2020-27 Direktiba 2020-31	Gym, Fitness Center	**Panloob**	**SUSPENDIDO mula Linggo, Disyembre 06, 2020** 1. Walang Panloob na Gym / Fitness Center na pinapayagan. Suspendido hanggang sa karagdagang panukala.
		Panlabas	**PINAGHIGPITAN mula Linggo, Disyembre 06, 2020** 1. Kabuuang Limitasyon sa Kapasidad ay **binawasan sa 12 katao** Walang pagbabahagi ng kagamitan

			2. Pinapayagan ang Panlabas na Gym / Fitness Center mula 5am-10pm
Personal na Serbisyo Direktiba 2020-30	Hair Salon, Barberya, Nail Salon, Masahe, Estheticians, Skin Care, Cosmetology, Electrology, Tattooing, Piercing, Microblading	**Panloob**	**SUSPENDIDO mula Linggo, Disyembre 06, 2020** 1. Walang Panloob na Personal na Serbisyo na pinapayagan. Suspendido hanggang sa karagdagang panukala.
		Panlabas	**SUSPENDIDO mula Linggo, Disyembre 06, 2020** 1. Walang Panlabas na Personal na Serbisyo na pinapayagan. Suspendido hanggang sa karagdagang panukala.
Sinehan Kautusan C19-07 Apendiks C-1 Direktiba 2020-35	Sinehan	**Panloob**	**SUSPENDIDO mula Linggo, Nobyembre 29, 2020** 1. Walang Pinapayagang Panloob na Sinehan. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa.
Museo, Aquarium, at Zoo Direktiba 2020-32	Museo, Aquarium, at Zoo	**Panloob**	**BINAGO mula Huwebes, Disyembre 10, 2020** 1. Pinapayagan ang panlabas na Museo, Aquarium at Zoo mula 5am-10pm. 2. Walang Panloob na Museo, Aquarium, at Zoo. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa.
Hotel at Pasilidad ng Panunuluyan Direktiba 2020-29	Hotel, Pasilidad ng Panunuluyan	**Panloob**	**BINAGO mula Huwebes, Disyembre 10, 2020** 1. Ang panunuluyan ay pinahihintulutan para sa mahahalagang tungkulin, kabilang ang COVID-19 mitigation at mga panukala sa containment, panukala sa pagamot, tirahan para sa mga Mahahalagang Manggagawa, o solusyon sa pabahay. Ang mga isports team na nag-oopera sa ilalim ng inaprubahang plano, at pelikula/media crew ay itinuturing na mahalaga para sa layuning ito. 2. Maaaring hindi tanggapin o igalang ng mga pasilidad ng panunuluyan ang mga in-state na reserbasyon para sa di-mahalagang pagbiyahe. 3. Maaaring hindi tanggapin o igalang ng mga pasilidad ng panunuluyan ang mga reserbasyon mula sa labas ng estado para sa mga di-mahalagang pagbiyahe, maliban kung ang reserbasyon ay para sa hindi bababa sa minimum na oras ng pagkuwarentina, at ang mga taong tinukoy sa reserbasyon ay magkuwarentina sa hotel o panahon ng panunuluyan hanggang matapos ang panahong iyon ng lubusan.
Pasilidad ng Opisina Direktiba 2020-18	Hindi Mahalagang Opisina	**Panloob**	**PINAGHIGPITAN mula Martes, Nobyembre 17, 2020** 1. Ang mga di-mahalagang opisina ay pinaghihigpitan hanggang sa karagdagang paunawa.
Seremonya ng Relihiyon at Kultura Direktiba 2020-34	Lugar ng Pagsamba	**Panloob**	**PINAGHIGPITAN mula Linggo, Disyembre 06, 2020** 1. Walang Panloob na Mga Seremonya sa Relihiyon at Kultura. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa. Ang pagbubukod lamang ay panloob na indibidwal na pagdarasal. 2. Pinapayagan ang panloob na Indibidwal na Pananalangin mula 5am-10pm
		Panlabas	1. Tingnan ang Pagtitipon (Aktibidad sa Relihiyon at Politikal na Protesta)
Palaruan at Sentro ng Libangan ng Pamilya Direktiba 2020-36 Apendiks C-1	Panlabas na Palaruan, Panlabas na Parke sa pag-Skate, Panlabas na Roller at Ice rink, Panlabas na Batting Cage, Panlabas na Mini-Golf	**Panlabas**	**BINAGO mula Huwebes, Disyembre 10, 2020** 1. Pinapayagan ang paggamit ng Panlabas na Palaruan mula 5am-10pm 2. Walang mga Panlabas na Skate Park, Roller at Ice Rink, Batting Cage at Mini-Golf na pinapayagan magbukas. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa.
Panlabas na Libangan, kabilang ang Tennis, Pickleball, Golf at Swimming Pool Kautusan Blg. C19-07 Apendiks C-2 Direktiba 2020-15	Pampalakasang Aktibidad kabilang ang Tennis, Pickleball, Golf, Swimming Pool	**Panlabas**	**BINAGO mula Huwebes, Disyembre 10, 2020** 1. Kabuuang Limitasyon sa Kapasidad: Golf, Tennis at Pickleball **na hanggang 2 tao** mula sa pareho o ibang sambahayan. 2. Kabuuang Limitasyon sa Kapasidad: hanggang sa 2 manlalangoy mula sa ibang sambahayan kada 300 Sq Ft ng Binahaging Espasyo ng Panlabas na Swimming Pool.

			3. Pinapayagan ang Panlabas na Libangan mula 5am-10pm maliban kung mag-isa o kasama ang miyembro ng parehong Sambahayan..
Pagtitipon (Drive-In) Kautusan Blg. C19-07 Apendiks C-2		**Panlabas**	**PINAGHIGPITAN mula Linggo, Disyembre 06, 2020** 1. Walang Pagtitipon (Drive-In) na pinapayagan. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa.
Pagtitipon (Mga Aktibidad sa Relihiyon at Politikal na Protesta) Kautusan Blg. C19-07 Apendiks C-2	Aktibidad sa Relihiyon, Politikal na Protesta	**Panlabas**	**PINAGHIGPITAN mula Linggo, Nobyembre 29, 2020** 1. Kabuuang Limitasyon sa Kapasidad na hanggang sa 200 katao 2. Pinapayagan ang Panlabas na Espesyal na Pagtitipon mula 5am-10pm
Patitipon (Pagkain) Kautusan Blg. C19-07 Apendiks C-2		**Panlabas**	**PINAGHIGPITAN mula Linggo, Disyembre 06, 2020** 1. Ang Pagkain sa Panlabas na Pagtitipon kasama ang mga miyembro ng parehong Sambahayan lamang (hindi lalampas sa 6 na tao kung nasa labas ng tirahan) 2. Pinapayagan ang Pagkain sa Panlabas na Pagtitipon mula 5am-10pm
Patitipon (Maliit na Panlabas) Kautusan Blg. C19-07 Apendiks C-2		**Panlabas**	**BINAGO mula Huwebes, Disyembre 10, 2020** 1. **Hindi lalampas sa 2 tao** mula sa ibang Sambahayan ang maaring magtipon sa panlabas. **Hindi lalampas sa 12 tao** mula sa parehong Sambahayan ang maaring magtipon sa panlabas kung nasa labas ng bahay. 2. Pinapayagan ang Maliit na Pagtitipon sa Panlabas 5am-10pm